



Return
Unwanted
Medicines

IBALIK ANG MGA DI-KAILANGANG GAMOT SA BOTIKA PARA SA LIGTAS NA PAGTATAPON

May **LIBRE** at madaling paraan upang responsableng maitapon ang iyong mga gamot sa pamamagitan ng iyong lokal na botika at ito'y tinatawag na

Ibalik ang mga Di-Kailangang Gamot (Return Unwanted Medicines o ang Proyektong RUM).



ANG PAGTATABI NG MGA DI-KAILANGANG GAMOT SA IYONG TAHANAN AY MAAARING MAGING MAPANGANIB



Ang mga lumang gamot na nasa tahanan na 'baka sakaling kailanganin' ay mapanganib



Ang mga gamot na mapapasakamay ng maling tao ay makakapinsala



Ang mga gamot na lampas na sa takdang panahon ay maaaring hindi na maging mabisa

Taun-taon sa Australya, **lampas sa 5,000 mga bata ang dinadala sa ospital** dahil sa mga pagkalason sa gamot.

ANG DI-LIGTAS NA PAGTATAPON NG MGA DI-KAILANGANG GAMOT AY MAKAKAPINSALA SA KAPALIGIRAN



Huwag mag-flush ng mga gamot sa toilet



Huwag magbuhos ng mga gamot sa lababo



Huwag magtapon ng mga gamot sa basurahan

Noong nakaraang taon, mahigit **700 tonelada ng mga gamot ang nakolekta at ligtas na itinaon ng Proyektong RUM** - posibleng naiwasan ang paghantong nila sa mga daluyan ng tubig at landfill.



SUNDIN ANG **3** SIMPLENG HAKBANG PARA SA MAS LIGTAS AT MAS MALINIS NA KAPALIGIRAN

BASAHIN

Pumunta sa lalagyan ng gamot sa iyong tahanan. Basahin ang mga etiketa sa iyong mga gamot, suriin ang mga petsa ng paglampas sa takdang panahon. Pag-isipan kung kailangan mo ang lahat ng iyong mga gamot



ALISIN

Alisin ang lahat ng mga lampas na sa takdang panahon at di-kailangang gamot mula sa lalagyan ng gamot sa iyong tahanan at ilagay sila sa isang supot o sisidlan.



IBALIK

Ibalik ang lahat ng iyong mga lampas na sa takdang panahon at di-kailangang gamot sa iyong lokal na botika. Ang iyong parmaseutiko ay maglalagay ng iyong mga gamot sa isang maseguridad na sisidlan para sa ligtas na pagtatapon.





**Return
Unwanted
Medicines**

TUNGKOL SA RUM

Ang Proyektong RUM ay nagbibigay ng pinakaligtas at pinakamadaling paraan sa pagtatapon ng mga lampas na sa takdang panahon at di-kailangang gamot. **Maaari mong ibalik ang lahat ng iyong mga gamot sa alinmang botika anumang oras, para sa libre at ligtas na pagkolekta at pagtatapon.**

Ang RUM ay pinopondohan ng Pamahalaang Komonwelt at ng Departamento ng Kalusugan. Ang pagtatapon ng mga ibinalik na gamot ay isinasagawa alinsunod sa mga regulasyon at kinakailangan ng Awtoridad para sa Pangangalaga ng Kapaligiran.

Ang RUM ay sinusuportahan ng:



**The Pharmacy
Guild of Australia**

Para sa karagdagang impormasyon,
bumisita sa **returnmed.com.au**
O makipag-usap sa iyong lokal
na parmaseutiko